## PRAYER

- Pasalamatan si Cristo sa pagkamatay Niya para sa atin upang tayo rin ay mamatay sa kasalanan kasama Niya. Ipanalangin na patuloy mong ituturing ang iyong sarili bilang patay sa kasalanan at buhay sa Diyos.
- Ipanalangin na si Kristo lamang ang maghahari sa iyong buhay. Hingin sa Kanya na gamitin ka para sa Kanyang mabubuting layunin.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga pagkakataon kung kailan ka maaaring makapagsilbi bilang Kanyang instrumento ng katuwiran sa iyong tahanan, pinagtatrabahuhan, pamilya, at mga kaibigan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

THE GOSPEL EXPLAINED

# Ang Pagiging Bago ng Buhay

WEEK 9

## WARM-UP

- Naranasan mo na bang pigilin ang iyong paghinga sa ilalim ng tubig? Ano ang masasabi mo sa karanasang ito?
- Gumagamit ka ba ng mga kagamitan o instrumento sa iyong trabaho o libangan? Ibahagi kung paano mo ito ginagamit.
- Ibahagi ang isang mahirap na desisyon na kinailangan mong gawin kamakailan lamang.

## WORD

*[1]Ano ngayon ang masasabi natin? Magpapatuloy ba tayo sa kasalanan para lalong madagdagan ang biyaya ng Diyos sa atin? [2]Aba, hindi maaari! Hindi maaari na magpatuloy pa tayo sa pagkakasala dahil ang kasalanan ay wala ng kapangyarihan sa atin. . . . [4]Kaya noong binautismuhan tayo, namatay tayo at inilibing na kasama niya. Kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay mamuhay sa bagong buhay.* **MGA TAGA-ROMA 6:1,2,4**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 6:1–13.**)

Sa mga unang bahagi ng liham ni Pablo sa iglesya sa Roma, inilarawan niya ang kapangyarihan ng biyaya ng Diyos. Kung *nadadagdagan ang pagsuway, higit na nadadagdagan ang biyaya ng Diyos* (Mga Taga-Roma 5:20). Ibig sabihin ba nito ay maaari na tayong magpatuloy sa paggawa ng kasalanan? Hinamon ni Pablo ang kaisipang ito gamit ang bautismo bilang pagsasalarawan sa kamatayan, libing, at muling pagkabuhay. Tayo ay namatay sa kasalanan at inilibing kasama ni Cristo, at pagkatapos ay nabuhay muli at nagkaroon ng bagong buhay sa piling Niya. Ano ang ibig sabihin nito para sa atin?

## 1 Ituring ang iyong sarili na nabubuhay kay Cristo.

*At dahil nakay Cristo Jesus na kayo, ituring ninyo ang inyong mga sarili na patay na sa kasalanan at nabubuhay na para sa Diyos.* **MGA TAGA-ROMA 6:11**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 6:5–11.**)

Dahil sa tayo ay nakipagkaisa kay Cristo sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, ang ating makasalanang pagkatao ay namatay na rin kasama Niya. Ito ang nagpalaya sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Kapag itinuturing natin ang ating mga sarili na patay na sa kasalanan, hindi na tayo nakatuon sa pakikipaglaban dito. Sa halip, nabubuhay tayo kay Cristo at umaasa sa biyayang ibinibigay Niya sa atin. Paano nagbago ang paraan mo ng pamumuhay nang dahil sa bago mong buhay kay Cristo?

## 2 Hayaang maghari si Cristo sa iyong buhay.

*Huwag na ninyong paghariin ang kasalanan sa inyong katawang may kamatayan, para hindi na ninyo sundin ang masasamang hilig nito.* **MGA TAGA-ROMA 6:12**

Dahil tayo ay namatay na sa kasalanan, hindi na ito ang namamahala sa ating buhay. Sa halip na pahintulutan ang kasalanan na gabayan ang ating mga pagpapasya at kilos, ang ating nararapat na tugon ay ang pahintulutan si Cristo na maghari sa ating buhay. Dapat tayong magtiwala sa Kanya, magpasakop at sumuko sa Kanya, at pahintulutan ang Kanyang biyaya na baguhin ang lahat ng bahagi ng ating buhay. Magbahagi ng mga pagkakataon na pinahintulutan mo si Cristo na pamunuan ang iyong mga pagpapasya at kilos.

## 3 Ilaan ang iyong sarili sa Diyos bilang instrumento ng katuwiran.

*Huwag na ninyong gamitin ang alin mang bahagi ng inyong katawan sa paggawa ng kasalanan. Sa halip, ialay ninyo ang inyong sarili sa Diyos bilang mga taong binigyan ng bagong buhay. Ilaan ninyo sa Diyos ang inyong katawan sa paggawa ng kabutihan.* **MGA TAGA-ROMA 6:13**

Ang mga instrumento ay ginagamit ng mga taong bihasa sa paggamit ng mga ito, tulad ng isang doktor na nag-oopera o kaya ay isang musikero, upang maisagawa ang isang layunin. Dahil tayo ay namatay na sa kasalanan at nabuhay muli kay Cristo, hindi na natin sadyang inilalaan ang ating katawan sa paggawa ng kasalanan. Sa halip, bilang mga taong nabigyan ng bagong buhay sa Diyos, dapat nating ilaan ang ating mga sarili sa Kanya upang maging instrumento para sa kabutihan. Sa paanong paraan mo inilaan ang iyong sarili upang maging instrumento sa mga layunin ng Diyos?

## APPLICATION

- Nanampalataya ka na ba kay Cristo upang magkaroon ka ng bagong buhay sa Kanya? Hilingin sa isang tao na manalangin kasama mo upang maranasan mo ang bagong buhay na ito ngayon.
- May bahagi ba ng buhay mo na hindi mo pa pinahihintulutang paghariin ni Cristo? Sa anong paraan mo maisusuko ang bahaging ito sa Kanya ngayong linggo?
- Bilang instrumento ng katuwiran ng Diyos, paano mo maipapakita at maipapahayag ang ebanghelyo sa iyong kapamilya at mga kaibigan ngayong linggo?